ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 21
Nobyembre 7, 2016
www.cpp.ph

Kontra-militarisasyon

# 7,000, nagprotesta sa Masbate




MAY KABUUANG 7,000 magsasaka ang nagprotesta sa dalawang bayan ng Masbate noong Oktubre 14 at 25 upang kundenahin ang nagpapatuloy na militarisasyon sa prubinsya. Noong Oktubre 25, may 3,000 magsasaka ang nagrali sa harap ng munisipyo ng bayan ng Cawayan, samantalang aabot naman sa 4,000 Masbatenyo ang nagprotesta sa bayan ng Dimasalang noong Oktubre 14.

Ang mga pagkilos ay pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan-Bicol, Masbate People's Organization (MAPO) at Karapatan.

Giit ng mga raliyista, dapat umalis sa kanilang mga komunidad ang mga sundalo at bumalik sa baraks. Labag ang kanilang presensya sa mga komunidad sa sarili nilang idineklarang tigil-putukan. Ginagamit ng mga sundalo bilang panabing ang pagsesensus at kontra-drogang Oplan Tokhang. Tahasan din nilang sinasabi na "Ang NPA lang ang may *ceasefire*. Kami, wala!"

*sundan sa pahina 3*




**EDITORYAL**

# Paigtingin ang paglaban sa pinalupit pang Oplan Bayanihan

Lalo pang pinatitindi ang mga armadong operasyong *counterinsurgency* ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa ilalim ng disenyong-US na Oplan Bayanihan. Tahasang winawalanghiya ng AFP ang diwa ng umiiral na tumbasang deklarasyon ng tigil-putukan at ang usapang pangkapayapaan ng GRP at NDFP sa patuloy na pagpapakat ng mga armadong yunit nito sa daan-daang baryo sa kanayunan.

Ang mga upisyal ng AFP ay hibang sa doktrina ng *counterinsurgency* na isinaksak sa kanilang utak ng kanilang mga guro sa militar ng US. Mistulang ibinasura nila ang idineklara ni President Duterte ng GRP na patakarang maging mapagkaibigan sa mga rebolusyonaryong pwersa.

Nitong nagdaang mga linggo, lalo pang naging masinsin ang mga operasyong saywar, paniniktik at panunupil laban sa mga aktibista at kasapi ng mga hayag at lihim na mga organisasyong masa at mga lokal na sangay ng Partido. Kapag kinukwestyon ng taumbaryo ang kanilang mga operasyon, idinedeklara ng mga sundalo na "NPA lang ang may *ceasefire*" at "hindi kami pwedeng pigilan ni Duterte."

Nagsasagawa ng opensibong indoktrinasyon kaakibat ng armadong pananakot ang AFP para siraan ang BHB at buong rebolusyonaryong kilusan. Ginagamit ang

"gera kontra-droga" para isagawa ang propaganda laban sa BHB at rebolusyonaryong kilusan.

Mabilis na namumuo ang galit ng mamamayan sa mga nag-ooperasyong sundalo dahil sa tahasang pagwawasiwas ng armadong kapangyarihan, paggambala sa kaayusan at kapayapaan, pag-abala sa buhay at kabuhayan, panduduro, pananakot at pandarahas. Takot at troma ang hatid nila sa mga residente, laluna sa mga bata.

Araw-araw, kumukulo ang galit ng mga tao sa ginagawang pagyurak ng AFP sa mga karapatang sibil at makataong batas sa mga lugar na patuloy nilang sinasakop. Sa desperasyong paluhurin ang masang magsasaka sa kanilang kapangyarihan, hindi na iilan ang insidente ng iligal na pagdakip at pagkulong, pambubugbog at iba pang paglabag sa mga karapatang sibil.

Sa harap ng nagpapatuloy na panghahalihaw ng mga armadong sundalo ng AFP sa mga baryo, lumalakas ang sigaw ng mamamayan na bawiin na ng Partido ang deklarasyon ng tigil-putukan upang hindi na matali ang kanilang kamay at ang kamay ng kanilang hukbo na ipagtanggol ang kanilang kapakanan at mga karapatan laban sa armadong panunupil ng AFP.

Dapat magkaisa ang buong sambayanang Pilipino para maigting na labanan ang patuloy na pananalasa ng Oplan Bayanihan, sa partikular ang presensya, okupasyon at mga operasyon ng mga armadong sundalo sa mga sibilyang komunidad.

Dapat paalingawngawin sa buong bansa ang sigaw para wakasan ang Oplan Bayanihan at palayasin ang lahat ng mapanupil na armadong tropa ng AFP mula sa gitna ng mga sibilyan na komunidad.

Dapat hingin kay Duterte na pangatawanan niya ang kanyang idineklarang patakarang pakikipagkaibigan sa PKP-BHB-NDFP at ipagutos sa AFP na itigil ang mga operasyong *counterinsurgency* upang bigyang-daan ang pagbwelo ng usapang pangkapayapaan ng GRP at NDFP sa paghahanap ng paraan na lutasin ang mga ugat ng gerang sibil sa pamamagitan ng negosasyon.

Ang gayong hakbangin ay alinsunod rin sa idineklara niyang nagsasariling patakarang panlabas dahil ang Oplan Bayanihan ay bahagi ng pakana ng US na supilin ang mga pwersang patriyotiko. Ang gayong hakbangin ay magiging bahagi rin ng pagsisikap ni Duterte na tuluyang putulin ang kontrol ng US sa AFP at pasunurin sa kanyang mga utos.

Kung hindi tatapusin o sususpindehin man lamang ni Duterte ang Oplan Bayanihan, mawawalan ng dahilan para hindi tapusin ng PKP ang deklarasyon ng tigil-putukan. Dumaragdag ito sa patuloy na pagkabigo ng rehimeng Duterte na tuparin ang kasunduang pagpapalaya sa 432 bilanggong pulitikal sa pamamagitan ng proklamasyon ng amnestiya.

May sumiklab nang malalaking protesta ng libu-libong mamamayan sa ilang mga bayan. Dapat itong tularan sa buong bansa. Dapat mabilis na kumilos ang hayag na mga organisasyon na sumasakop sa buo-buong mga bayan, distrito at prubinsya upang pagkaisahin ang mamamayan at organisahin ang kanilang sama-samang pagkilos.

Makakatuwang sa mga ito ang mga sentro para sa karapatang-tao, ang mga taong-simbahan, mga progresibong abugado at paralegal at iba pang sektor na puspusang nagtataguyod sa usapang pangkapayapaan. Dapat mabuo ang mga samahan kontra sa Oplan Bayanihan sa lahat ng mga baryo na sinasakop ng mga armadong tropa ng AFP.

Ipabatid sa buong bansa at buong daigdig ang protesta ng mamamayan laban sa Oplan Bayanihan. Dapat mabilis na ilantad ang pananalasa ng mga armadong tropa ng AFP at mga tropang pangkombat ng PNP sa mga baryo. Agad na ipabatid sa masmidya ang kanilang presensya sa pamamagitan ng pagtawag sa radyo, pagkuha ng bidyo o mga larawan at pagpapakalat ng

ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 21 | Nobyembre 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc_info
youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral
@prwc_info
fb.com/PhilippineRevolutionWebCentral
cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Paigtingin ang paglaban sa pinalupit pang Oplan Bayanihan 1
7000, nagmartsa sa Masbate 1
AFP, haligi ng paghaharing US sa Pilipinas 4
Panghihimasok at subersyon ng US 6
US, huwag makialam sa Scarborough 6
Mga katutubo, nagmartsa sa US *embassy* 7
Pambansang araw ng protesta 8
Lider-aktibista sa Cavite, pinaslang 8
Paggunita sa Rebolusyong Oktubre 9
Kumperensya sa Rebolusyong Agraryo 10
Desisyon sa *coco levy,* kinundena 11
Kagalingan ng mamamayan, igiit 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

mga ito sa internet. Dapat mabilis na kumilos ang mga progresibong midya upang maagap na nalalantad ang pananalasa ng mga operasyong Oplan Bayanihan.

Dapat kumalat sa buong bansa ang protesta laban sa Oplan Bayanihan ng AFP. Dapat itong isagawa kaakibat ng pagpapaigting ng mga pakikibakang masa upang ipagtanggol at isulong ang demokratikong interes ng bayan.

Dapat palakasin ang suporta ng mga estudyante, taong-simbahan, at mga kaibigan sa masmidya at iba pang pwersa sa kalunsuran sa pakikibaka para palayasin ang mga armadong sundalo sa mga komunidad sa kanayunan.

Mag-organisa ng mga aktibidad sa mga eskwelahan, simbahan o mga tanggapan sa kalunsuran upang bigyan ng pagkakataon ang mga magsasaka na magsalita tungkol sa dinaranas na paniniil sa ilalim ng okupasyong militar. Mag-organisa at magpakilos ng mga boluntir na gustong tumulong sa kampanya laban sa Oplan Bayanihan. Mag-organisa ng mga pagkilos o misyon mula sa mga sentrong syudad patungo sa mga baryo na sinasakop ng AFP upang tuwirang makiisa sa paglaban ng bayan para palayasin ang mga armadong sundalo sa mga baryo.

Kahit pa hindi ito naglulunsad ng mga opensibong operasyon laban sa mga unipormadong armadong pwersa ng estado bilang pagtalima sa deklarasyon sa tigil-putukan ng PKP, pinananatili pa rin ng BHB ang pinakamalapit na ugnayan sa masa upang tulungan sila sa paglutas ng mga suliranin at pagsulong ng mga pakikibaka.

Katuwang ang BHB, patuloy na binubuo ang mga sangay ng Partido, ang milisyang bayan, mga organisasyong masa sa loob ng mga larangang gerilya. Abala ang BHB sa pagtulong sa pagsusulong ng mga pakikibakang antipyudal ng masang magsasaka.

Ubos-kayang sinusuportahan ng BHB ang paninindigan at pagkilos ng mamamayan laban sa Oplan Bayanihan. Ang mga aktibista at lider-masa sa mga baryo na pinag-iinitan ng AFP ay binibigyang-proteksyon ng BHB.


Ang BHB ay nananatiling pinakamatibay na moog ng demokratikong kapangyarihan ng bayan. Tuluy-tuloy itong nagrerekrut at nagsasanay ng bagong mga Pulang mandirigma at pinatatatag ang pagkakaisa bilang paghahanda sa malalaking laban pa sa hinaharap upang biguin hindi lamang ang Oplan Bayanihan kundi lahat ng ibang pang kampanya ng panunupil ng kaaway. AB

---

*"7000, nagprotesta...," mula pahina 1*

Sa karanasan ng taumbaryo, ilang beses na "binibisita" ng mga sundalo ang mga bahay ng pinaghihinalaan nilang tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan. Habang nagaganap ang protesta, iniulat ni Analyn Sabares, residente ng Cawayan, na bumalik ang tropa ng AFP sa kanyang bahay at hinahanap siya. Bago nito, tatlong beses na siyang "binisita" ng militar.

"Hindi kami makapagbilad ng palay. Hindi kami makakilos at makapagtrabaho dahil nandito sila [mga sundalo]," ani Sabares.



Nag-aalala siya na baka magtanim ng bomba at iligal na droga ang mga sundalo sa loob ng kanyang bahay, tulad ng ginawang pagtatanim ng bala at rebolusyonaryong babasahin ng mga sundalo sa isa pang bahay.

Noong Oktubre 23, pumunta sa kanyang bahay ang 12 sundalo at tinanong kung nasaan ang mga Pulang mandirigma. Dahil dito, napilitan ang kanyang pamilya na lumikas at makitira sa isang kamag-anak sa kalapit na barangay. Maraming pamilya pa ang tinakot at napalayas. Iniulat din ng mga residente ang ginawang iligal na panghahalughog ng mga sundalo sa mga kabahayan.

Ayon pa sa MAPO, may 100 sundalo ang nakatalaga sa mga barangay ng Dimasalang, habang may 60 naman sa Cawayan. May mga sundalo rin sa mga komunidad ng bayan ng Palanas.

Samantala, kinundena ng BHB-Masbate (Jose Rapsing Command o JRC) ang pinaigting na militarisasyon sa buong lalawigan. Ayon kay Ka Luz del Mar ng JRC, umigting ang militarisasyon sa isla ng Ticao matapos pakatan ng AFP ng mga "Peace and Development Team" (PDT) noon pang huling bahagi ng 2014.

Tinukoy ng JRC ang pitong bayan sa Ticao na militarisado hanggang sa kasalukuyan. Mula Oktubre 6 naman ay inokupa ng mga sundalo ang tatlong baryo ng Dimasalang at ang anim na barangay sa Cawayan na pawang pinokusan ng mga operasyon ng mga PDT. Nakapakat sa mga bayan na ito ang 9th IB, ang Alpha Coy ng 31st IB, at ang 9th CMO Battalion.

Dagdag pa ng JRC, lumilikha ng matinding takot at ligalig sa mamamayan ang operasyon at pananatili ng mga militar sa mga baryo. Mistulang umiiral ang batas militar sa mga nabanggit na bayan dahil inalisan ng kapangyarihan ang mga lokal na upisyal. Sa Cawayan, isang sibilyan ang iligal na inaresto noong Oktubre 22, hinalughog ang kanyang bahay, at sapilitang pinaggiya sa operasyon. Isang kabataang magsasaka rin ang inaresto noong Oktubre 24 sa Barangay Cabungahan. AB

# AFP, haligi ng paghaharing US sa Pilipinas




Sa nagdaang pitong dekada, napanatili ng imperyalismong US ang neokolonyal na paghahari nito sa Pilipinas. Ginamit ng US ang dominasyon nito sa pulitika, ekonomya at kultura upang palawigin ang kapangyarihan nito.

Subalit ang pinakaimportanteng salik para mapanatili ng US ang kapangyarihan nito ay ang pagpapanatili ng presensyang militar kaakibat ang paggamit sa Armed Forces of the Philippines (AFP) bilang pangunahing haligi ng paghaharing US.

Tumitingkad ang papel na ito ng AFP bilang instrumento ng US sa paglitaw ng anti-US na rehimeng Duterte.

Nitong nagdaang mga buwan, sunud-sunod ang pagbatikos ni Duterte sa panghihimasok ng US at presensya ng militar nito. Sa kabila ng idineklara ni Duterte na "hihiwalay" sa ugnayang militar at ekonomya sa US, inihayag ng isang susing upisyal ng US na patuloy itong "makikipagtulungan," hindi kay Duterte, kundi sa AFP.

Ipinakikita ng gayong pahayag na tuwirang nakadugtong ang US sa armadong makinarya ng gubyerno ng Pilipinas.

**Kasaysayan ng pangangayupapa**

Sa unang bahagi pa lamang ng kolonyalismong US, binuo at inarmasan na ng militar nito ang mga mersenaryong Pilipino para supilin ang kanilang kapwa Pilipino. Ang dating mga tauhan ng kolonyalismong Espanyol mula sa Macabebe, Pampanga ay muling inorganisa ng US noong 1899 at isinanib sa binuong Philippine Scouts na isinabak laban sa mga rebolusyonaryong Pilipino. Binuo rin ng kolonyal na gubyerno ang Philippine Constabulary (PC) noong 1901 bilang pulisya sa iba't ibang prubinsya upang kontrolin ang populasyon, at kinalaunan'y upang labanan din ang mga rebolusyonaryo. Mangyari pa, ang kalupitan ng mga tropang US sa mamamayang Pilipino ay isinagawa rin ng mga Macabebe, Philippine Scouts at PC laban sa kanilang mga kababayan. Ang akademya para sa mga upisyal ng PC na itinayo noong 1905 mula sa Intramuros ay inilipat sa Baguio City noong 1908. Mula 1936, ang akademyang ito ay ibinukas para sa mga upisyal ng bagong buong Philippine Army at kinilala na bilang Philippine Military Academy (PMA).

Sa mga taong 1935-1940, binuo, sinanay at pinamunuan ng US ang Philippine Army, Philippine Navy at ang binhi ng Philippine Air Force. Ang Amerikanong heneral na si Douglas MacArthur, na bumalik mula sa pagkakaretiro, ang siyang tumayong kumander ng mga sundalong Pilipino. Pinamunuan niya ang mga sangay ng militar na Pilipino mula nang binuo ang mga ito, hanggang sa inilaban sila sa mga Hapon. Inabandona sila ni MacArthur nang tumalilis siya sa gitna ng labanan noong 1941. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kinasangkapan naman ng US ang mga sinanay nitong sundalong Pilipino upang tugisin ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan. Noong 1947, pormal nang nabuo ang Armed Forces of the Philippines at ilang batalyon nito ang isinabak sa agresyon ng US laban sa mamamayan ng Korea at Byetnam.

**Ang pagdidirihe ng JUSMAG**

Matapos ideklara ang huwad na kalayaan ng Pilipinas noong 1945, nanatiling mahigpit ang kontrol ng US sa mga armadong pwersa ng Pilipinas. Pinagtibay ito ng serye ng mga tagibang na kasunduang militar, kabilang ang Military Bases Agreement (1946), ang Military Assistance Agreement (1947) at ang Mutual Defense Treaty (1951). Sa ilalim ng MAA, itinayo ang Joint US Military Advisory Group (JUSMAG) na binuo ng pinagsama-samang tauhan at upisyal (nagsimulang 300 tauhan sa pamumuno ng isang *major general*) mula sa Army, Navy, at Air Force ng US na siyang mapagpasya sa estratehikong pagpaplano para sa *counterinsurgency*, pagbili ng armas at kagamitan, pagsasanay, indoktrinasyon at oryentasyon ng AFP. Mistula itong isang base militar, tulad ng may 22 pang mga okupadong base militar noon ng US.

Lahat ng upisyal na gastusin ng JUSMAG ay inaako ng gubyerno ng Pilipinas, maging ang tanggapan, pabahay ng mga tauhan nito at kanilang mga pamilya, na nasa loob ngayon ng punong himpilan ng AFP sa Camp Aguinaldo.

Direktang nagmumula sa US Pacific Command ang mga "payo"

ng JUSMAG para sa AFP—mula sa mga kursong ituturo sa mga kadete ng PMA, hanggang sa mga pagsasanay ng mga Pilipinong upisyal sa ilalim ng International Military Education and Training. Mula 1950 hanggang 1990, umabot sa mahigit 20,000 upisyal ng AFP ang ipinadala sa mga kampong militar sa US at sinanay sa doktrina, praktikang militar at mga armas ng US.

Ang JUSMAG din ang nagtatakda ng mga bibilhing armas at kagamitan ng AFP, na kalimita'y mga pinaglumaan ng militar ng US. Mula 2001 hanggang 2015, umaabot sa $340M ang ibinigay na ayudang militar ng US sa AFP, na ikaapat sa pinakamalalaking binubuhusan ng US ng pondong militar.

Mula 1986-1989 ay nagpadala ang US sa AFP ng halos 2,900 sasakyang militar, halos 50 helikopter, mahigit 1,650 radyo at iba pa. Umabot naman ng $183.4M ang ayudang militar na tinanggap ng AFP sa ilalim ng rehimeng US-Aquino mula 2010-2015.

**Operasyong *counterinsurgency* ng US**

Pinangangasiwaan din ng JUSMAG ang pagpapatupad ng Foreign Internal Defense (FID) ng gubyernong US sa Pilipinas. Ang mga operasyong FID ay kilala rin bilang mga operasyong *counterinsurgency* na pangunahing isinasagawa ng US Army Special Forces, katuwang ang mga pwersang Psychological Operations at Civil Affairs sa kanilang mga target na bansa.

Saklaw ng mga operasyong ito ang pagdirihe ng operasyon ng AFP, pagsasanay at pag-aarmas sa kanila, at pagsasagawa ng malawakang mga operasyong *civil-military* at paniniktik bilang pagpapahusay sa mga operasyong kombat. Malinaw na ang mga operasyong "triad" (*combat-intel-psywar*) at mga yugtong "clear-hold" ng nagdaang mga kampanyang *counterinsurgency* ng AFP ay mga halimbawa ng mga estratehiyang nakabatay sa FID ng US. Ang mga pagsosona ng mga barangay na isinagawa ng AFP noong dekada 1970 laban sa mamamayang Moro at mga base ng rebolusyonaryong kilusan, ay nakabatay din sa kampanyang hamlet ng US noon pang 1900s at sa Byetnam noong 1962.

Pana-panahon ding naglalabas ng Field Manual ang militar ng US bilang giya sa iba't ibang larangan para sa *counterinsurgency*. Sa Field Manual para sa *counterinsurgency* na inilabas noong 2010, hayagang itinataguyod ng US Special Forces ang pagbuhos ng pinakamalaking pwersa bilang pinakamahusay na paraan umano para mapaliit ang karahasan. Isinasaad din ang malawakang pagmamanman, pagsensor, pagkontrol sa midya, paghihigpit sa mga unyon ng paggawa at pampulitikang partido, iligal na pag-aresto at pagdetine, at iba pang paglabag sa karapatang-tao, at ang kaugnay na malawakang saywar upang gawing katanggap-tanggap ang mga nabanggit na paglabag.



Pinagtitibay din ng mga manwal sa FID ang pagsasanay ng mga Civilian Self Defense Forces upang ibayo pang hatiin ang pagkakaisa ng mamamayan. Sa Pilipinas, isa sa mga unang bumuo ng CAFGU ay ang kasalukuyang Kalihim ng Department of National Defense na si Delfin Lorenzana noong 1987 nang italaga siya sa Davao bilang kumander ng 2nd Scout Ranger Battalion. Sa panahong ito, aktibo din niyang sinuportahan ang mga operasyon ng mga grupong paramilitar tulad ng Alsa Masa.

Gayundin, ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang ng AFP sa mga aktibista at mga pinaghihinalaang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan ay ibinatay din sa FID ng US sa El Salvador noong dekada 1970 at 1980. Sa kaso ng AFP, noong Mayo 2015 ay mayroon nang 238 biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay sa ilalim ng Oplan Bayanihan, at 270 naman ang nakaligtas sa mga pamamaril. Mahigit 1,100 naman ang biktima ng pamamaslang sa ilalim ng Oplan Bantay Laya 1 at 2 mula 2001 hanggang 2009.

Isa pang halimbawa ng FID na ipinatupad ng JUSMAG ay ang mga operasyon ng may 700 tropang US ng Joint Special Operations Task Force-Philippines na taun-taon mula 2002 ay nagsanay ng mga bata-batalyon ng AFP at PNP sa tabing ng mga ehersisyong "Balikatan" upang maging instrumento sa kanilang "gera kontra-terorismo". Liban sa mga tropa mula sa Special Operations Command-Pacific, noong 2014 ay lumahok din ang mga ahente ng Central Intelligence Agency sa pagtugis at paglaban sa Abu Sayyaf, Jemaah Islamiyah, at mga itinuturing nitong "terorista". Ang JSOTF-P din ang nagsanay at nagkumand sa PNP Special Action Force upang siyang magsagawa ng pagpatay sa tinaguriang terorista na si Zulkifli Abdhir (Marwan) sa Mamasapano, Maguindanao noong Enero 2015.

Nananatili ang kapangyarihan ng US sa armadong makinarya ng gubyerno hangga't patuloy na umiiral ang JUSMAG at iba pang di-pantay na kasunduang militar na ipinataw ng US. Hangga't hindi iwinawaksi ng AFP ang kanyang papet na oryentasyon, patuloy na magiging instrumento ang mga upisyal at sundalo nito laban sa mga demokratiko at anti-imperyalistang interes ng mamamayan.

## Panghihimasok at subersyon ng US

MATAPOS ANG MGA atake ni Presidente Rodrigo Duterte sa panghihimasok ng US sa Pilipinas at pagpahayag niya ng nagsasariling patakarang panlabas, nagbanta nitong Oktubre 23 si US Department of State Assistant Secretary for East Asian and Pacific Affairs Daniel Russel ng "people power" laban kay Duterte. Aniya, "wala pang nananalo sa mga sumugal laban sa US."

Sa parehong talumpati, ipinahayag din niya na magpapatuloy ang "pakikipagtulungan" ng US sa militar ng Pilipinas sa kabila ng mga "nakalilitong" pahayag ni Duterte. Ito ay sa harap ng mga "pagbabawi" na ginagawa ni Delfin Lorenzana, ang kasalukuyang kalihim ng Department of National Defense (DND), sa mga pahayag ni Duterte.

Bago nito, tahasang pagbabanta ng subersyon ang binitiwang mga salita ni John Kirby, Assistant Secretary for Public Affairs sa ilalim ng US State Department, nitong Nobyembre 3.

Binalewala ni Kirby ang soberanya ng nakatayong gubyerno ng Pilipinas nang sinabi nitong hindi kailangang dumaan kay Duterte para paunlarin ng US ang mga ugnay nito sa iba't ibang ahensya ng kanyang gubyerno, pati na sa mga indibidwal na myembro ng kanyang gabinete. Aniya, magagawang makipag-ugnayan ang US sa kabila ng mga "kawalang-katiyakan" na idinudulot ng "matatapang na salita" ng presidente.

Maliban sa tinagurian niyang pakikipag-ugnayang "people-to-people" (bayan-sa-bayan), muli ring binigyang-diin ni Kirby ang kontrol ng US sa usaping seguridad ng bansa, at sa patuloy na pagkatali ng militar ng Pilipinas sa US. Kaugnay nito, maaalalang sa kabila ng mga atake ni Duterte sa US, pinulong pa rin ni US Defense Secretary Ashton Carter si Lorenzana sa Hawaii noong katapusan ng Setyembre, kasama ang iba pang mga kalihim sa depensa ng ASEAN.

Nitong Nobyembre, iniatras ng US ang pagbebenta ng 27,000 armas sa Philippine National Police dulot diumano ng malalang rekord ng pamamaslang sa gera kontra-droga nito. Nagbanta rin ang US na iatras ang $32 milyong ayuda militar na ipinangako nito kay Duterte noong Hulyo.

Gayundin, naghahanda pa rin ang AFP para sa gaganaping isang buwang ehersisyong militar sa pagitan ng US at Pilipinas ngayong Nobyembre 16 sa Palawan. Lalahok sa Balance Piston 16-4 ang isang kumpanya mula sa Special Operations Command ng Philippine Army at mahigit isang dosenang tropa ng US Special Operations Forces. Nananatili ang presensya ng mga espesyal na pwersang ito sa Mindanao, sa kabila ng pahayag ni Duterte na dapat na silang umalis.

Samantala, kamakailan lamang ay ginanap din sa Palawan ang sampung-araw na ehersisyong militar (Humanitarian Mine Action Assistance Training) sa pagitan ng US Navy at Philippine Navy nitong Oktubre 26 upang sanayin ang mga marino ng Pilipinas sa pag-opereyt ng mga eksplosibo ng US Navy. Ito ay sa kabila ng pahayag ni Duterte na huli na ang ginanap na pagsasanay-militar noong unang linggo ng Oktubre. AB

## US, huwag makialam sa usaping Scarborough—PKP

PINAGSABIHAN NG Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang US noong Oktubre 29 na huwag makikialam sa usapin ng Scarborough Shoal, habang ikinalulugod naman ang mapagkaibigang negosasyon sa pagitan nina GRP President Duterte at China Premier Xi Jinping.

"Ang kasunduan sa isyu ng Scarborough ay nagpapatampok ng maaaring makamit sa pamamagitan ng paggigiit ng pambansang kasarinlan, pagbubuo ng mapagkaibigang mga relasyon sa mga karatig bayan at pagtutol sa panlabas na pakikialam, laluna ang pang-uupat ng gera ng militar ng US," anang PKP.

Mula 2012, hindi na makapangisda ang mga Pilipino sa Scarborough Shoal dahil sa pagpigil sa kanila ng Coast Guard ng China na naggigiit ng solong karapatan sa lugar. Ito ang sitwasyon matapos lutasin ang pagtapat ng China sa barko-de-gera ng Pilipinas na ginamit sa pag-aresto sa mga mangingisdang Chinese, isang aktong itinuturing na probokatibo.


Matapos makipag-usap si Duterte sa China at magpahayag ng nagsasariling patakarang panlabas, maluwag nang nakapaghahanapbuhay ang mga mangingisda sa pangisdaang dagat sa Scarborough. Noong Nobyembre 1, nagsalo-salo ang mga myembro ng *coast guard* ng China at mga Pilipinong mangingisda.

Inaasahan ng PKP ang patuloy na pag-aayos sa iba pang pinagtutunggaliang bahagi ng dagat, kabilang ang Kalayaan Islands, ayon sa tindig ng mamamayang Pilipino.

Ang batayang salalayan at pinakakagyat na kundisyon para sa pag-aayos ng magkakatunggaling pag-angkin ay ang demilitarisasyon ng South China Sea upang maibukas sa lahat ng bayan ang paggamit sa rutang pandagat para sa internasyunal na kalakalan. Iginigiit ng PKP ang pagtigil ng militar ng US sa lahat ng patrulyang nabal kabilang ang tinaguriang "operasyon para sa kalayaan sa nabigasyon" na walang ibang layon kundi ang mang-upat ng ganting-salakay.

Wala sa katayuan ang US na makialam sa isang lugar na saklaw ng teritoryo ng Pilipinas. Ang pang-uupat nito ng gera at pagtambak dito ng pwersa nabal kaugnay ng pihit sa Asia ang ugat ng mga problemang panseguridad sa South China Sea, dagdag pa ng PKP. AB

# Mga minorya, muling nagtungo sa US *embassy*



Noong Oktubre 27, muling nagmartsa ang daan-daang pambansang minorya, Moro at ibang mga sektor tungong embahada ng US, bitbit ang panawagan para sa nagsasariling patakarang panlabas at pagpapalayas sa mga tropang Amerikano sa bansa.

Kaiba sa naganap na marahas na dispersal noong Oktubre 19, nagmanman ang mga pulis malayo sa mga raliyista at inatasan ng kanilang kumander na manatiling kalmado. Ang protesta ay bahagi ng dalawang-linggong lakbayan na nagsimula noong Oktubre 13.

Sa pangunguna ng Sandugo, alyansa ng pambansang minorya, idineklara ng mga grupo at sektor na tagumpay ang lakbayan. Nabuo rito ang matibay na pagkakaisa ng pambansang minorya sa kanilang pakikibaka para sa karapatan sa sariling pagpapasya na nakaugnay sa pakikibaka para sa nagsasariling patakarang panlabas.

Ang makasaysayang lakbayan ay tinapos sa pamamagitan ng kauna-unahang paglilitis sa gubyernong US sa kanilang pagsasamantala mula panahon ng kolonyal na paghahari nito sa bansa hanggang sa kasalukuyan. Ang paglilitis na ginanap sa Bonifacio Shrine sa lunsod ng Maynila, ay pinangunahan ng tatlong *wali* o hukom na sina Bagobo Matanen Monico Cayog, Maranaw Sultan Macasalong Sarib at Manobo Bibyaon Ligkayan Bigkay.

Ang mga kaso ng tropang Amerikano ay inilahad ng mga lider ng iba't ibang grupong minorya at Moro. Kabilang rito ang mga sumusunod:

- Masaker sa Bud Dajo at Bud Bagsak, kung saan libu-libong Moro ang pinaslang

- 1906, ang "scorched earth policy" ng US laban sa mga Lumad sa Davao Gulf, bilang ganti sa pagpatay sa Amerikanong upisyal na si Edward Bolton

- Ang kaso ng mga Ayta sa Central Luzon na pinalayas sa kanilang mga lupang ninuno upang bigyang-daan ang base militar ng US at naging biktima ng mga karahasan at brutalidad ng mga tropang Kano

- Pagpaslang at iba pang paglabag sa karapatang tao sa Mindanao, na idinulot ng presensya ng tropang Amerikano sa ilalim ng VFA at Mutual Defense Treaty, sa partikular ay Joint Special Operations Task Force-Philippines

- Ang pangangamkam ng mga kumpanya ng US sa lupang ninuno ng mga Lumad at Moro para bigyang daan ang mga plantasyon, mina at iligal na pagtotroso

"Ang hatol ng hukom ay "Kamatayan sa imperyalismo," pahayag ni Bigkay. Nangako ang mga lider ng Sandugo na ipagpapatuloy nila ang pakikibaka laban sa kontrol ng dayuhan, tulad ng ginawa ng kanilang mga ninuno laban sa Kastila at Amerikanong kolonyalista.

"Hindi tayo papayag na magiging alipin ang Pilipinas sa sinumang dayuhang kapangyarihan. Dapat nating ilatag ang pundasyon ng nagsasariling patakarang panlabas na may maka-mamamayang patakarang ekonomya ng reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon," ani Piya Macliing Malayao, tagapagsalita ng Sandugo.

Bago nito, naglunsad ng protesta ang mga progresibong organisasyon sa harap ng Police Regional Office 13, Butuan City upang batikusin ang marahas na pagbuwag sa pagkilos ng mga pambansang minorya noong Oktubre 19.

Oktubre 24, nagkaroon din ng talakayan ang Sandugo at si Sec. Gina Lopez, kalihim ng Department of Environment and Natural Resources, sa Campus Maintenance Office ng University of the Philippines-Diliman. Habang nakikipag-usap, tinawagan ni Lopez si Lt. Gen. Ricardo Visaya, Chief of Staff ng AFP, upang ipaabot ang hinaing ng Sandugo hinggil sa nagpapatuloy na militarisasyon at paglabag sa karapatang-tao ng mga sundalo at paramilitar sa kanilang mga komunidad.

Itinanggi ng heneral ang militarisasyon at sinabing nasa mga komunidad ng Lumad ang militar para "magturo" kung paano mabuhay nang mapayapa at upang mapabuti ang kanilang kabuhayan. Ayon pa kay Visaya, ang mga namatay na Lumad ay mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan.

Pinasinungalingan ito ni Kerlan Fanagel, tagapangulo ng Pasaka, Confederation of Lumad Organizations in Southern Mindanao. Aniya, walang pinag-iba ang pahayag ni

Visaya sa mga pahayag ng nagdaang rehimen. Ani Fanagel, tumindi ang militarisasyon kasabay ng pagbubukas ng dagdag na 500,000 ektaryang lupang ninuno sa mina at 700,000 ektarya para sa mga plantasyon ng *bio-fuel*.

Samantala, noong Oktubre 27, binisita nina Benito Tiamzon at Wilma Austria Tiamzon ng NDFP ang kampuhan ng Sandugo. Nagpahayag ang dalawang konsultant ng suporta sa paninindigan ng pambansang minorya laban sa dayuhang panghihimasok. Anila, isasama ng NDFP ang adyenda ng pambansang minorya sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP.

Noong araw ding iyon, nagsampa ng kaso sa Ombudsman ang Sandugo laban sa mga pulis na sangkot sa dispersal noong Oktubre 19. Kinasuhan nito ang Manila Police District Deputy Director for Operations na si Senior Superintendent Marcelino Pedrozo, sina MPD Supt. Albert Barot, PO3 Franklin Kho, at pito pang pulis sa paglabag sa R.A. 7438 (karapatan ng mga taong inaaresto) at B.P. 880 (karapatan sa pagtitipon at malayang pamamahayag). Isinampa rin ang iba't ibang kasong kriminal laban sa kanila.

Kabilang sa mga nagsampa sa kaso ay ang mga sinagasaang sina Piya Malayao, 27, Valeria Catubigan, 61, Nicole Soria, 18 at Queenilyn Gromeo, 16 at si Raymark Sumalbag, 23, drayber at kasapi ng Piston, na binaltak mula sa loob ng jeep at binambo ng mga pulis. Naglabas-masok siya sa ospital dahil sa mga epekto ng kanyang pinsala sa ulo at nakalabas lamang noong Oktubre 22.

Nagsampa rin ng kaso ang grupo sa GRP-Nominated Section sa Joint Secretariat of the GRP-NDFP Joint Monitoring Committee on the Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law. AB

## Pambansang Araw ng Protesta ng Kababaihan, inilunsad

SA PANGUNGUNA ng Gabriela Women's Party (GWP), inilunsad ng daan-daang kababaihan ang ika-33 Pambansang Araw ng Protesta ng Kababaihan noong Oktubre 28.

Nagmartsa ang mga kababaihan tungong embahada ng US upang ipanawagan ang pagpapalayas sa mga tropang Amerikano sa bansa at isulong ang nagsasariling patakarang panlabas.

"Ngayong pambansang araw ng protesta ng kababaihan, itinatala namin sa harap ng US Embassy ang aming panawagan para sa agarang pagpapaalis ng mga sundalo, base at kagamitang pandigma ng US sa ating bansa. Dapat nang wakasan ang mga hindi pantay na kasunduang bumansot sa ating bayan. Kaya ng Pilipinas! US, Layas!" ani Rep. Emmi De Jesus.

Binigyang-diin naman ni Arlene Brosas, kinatawan ng GWP, ang panlipunang pinsala ng pananatili ng US sa bansa. Aniya, ang pananatili ng US ay nagdulot ng henerasyon ng kabataang naulila at lumilikha ng di-mabilang na kababaihang naiiwang walang kalaban-laban at pinagsamantalahan ng mga kasunduang militar. Nagdudulot ang mga ito ng prostitusyon sa gitna ng mahinang ekonomya na nag-iwan sa maraming kababaihan na walang kabuhayan.

Unang idinaos ang pambansang araw ng protesta noong Oktubre 28, 1983 kung saan mahigit 10,000 kababaihan sa ilalim ng Gabriela ang nagmartsa tungong Mendiola upang kundenahin ang pagsasamantala, panunupil, korapsyon at pagpapahirap ng diktadurang US-Marcos.

## Lider at aktibistang masa sa Cavite, pinaslang

TRECE MARTIRES CITY, Oktubre 19, alas-10 ng gabi: Malapitang binaril ng isang lalaking naka-helmet sina Merly Valguna at Rodora Mallari hanggang mamatay sa kanilang itinatayong Bantayan sa Palengke *protest center* sa loob ng TMC Annex Market. Nagbabantay noon sina Valguna at Mallari sa naturang center.

Si Valguna ay pangulo ng TMC Annex Association, ang samahang nakikipaglaban para sa maayos at disenteng kabuhayan ng mga manininda. Si Mallari naman ay aktibong kasapi ng nasabing organisasyon na nangunguna sa paglaban sa napipintong muling pagbabakod at *lock-down* ng palengke.


Mariing kinundena ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front-Southern Tagalog, ang karumaldumal na pagpaslang. Nanawagan si de Guia sa mga manininda ng TMC Annex Market at kanilang mga tagasuporta na patuloy na paigtingin ang kanilang pakikibaka para sa kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan, at para makamtan ang hustisya para kina Valguna at Mallari.

Nagsimula ang paglaban ng mga manininda matapos ipasa ng lokal na gubyerno ang pamamahala sa palengke sa pribadong kumpanyang YIC Group of Companies at CitiSquare noong 2013. May dati nang gumaganang kontrata ang mga manininda para sa karapatan sa pwesto ng palengke at tuluy-tuloy na nagbabayad ng alkabala. Ngunit pinilit silang pumirma sa bagong kontrata at nang tumanggi sila ay muli't muling pinagsikapang paalisin sila at idemolis ang palengke, gamit ang mga goons ng meyor. Sa harap nito, tuluy-tuloy na ipinagtanggol ng mga manininda ang kanilang karapatan sa pamamagitan ng pagpepetisyon, pagsasampa ng mga kaso, pakikipagdayalogo at kapit-bisig na pagharang sa demolisyon.

Samantala, nasa bingit rin ng pagsasara ang iba pang palengke sa Bacoor, Cavite. Noong 2011, nauna nang dinemolis ang isang bahagi ng Kadiwa Market nang itayo ang isang sangay ng SM Hypermarket, na umagaw ng kabuhayan sa 1,500 manininda at 500 pamilya.

# Paggunita sa Rebolusyong Oktubre ng 1917

Ipinanawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong nakaraang taon na simulan ang dalawang-taong pagdiriwang upang gunitain ang sentenaryo ng tagumpay ng Rebolusyong Oktubre sa Russia. *(Tingnan sa* Ang Bayan, *Nobyembre 7, 2015.)* Hinihikayat ng PKP ang paglulunsad ng mga seminar, paglilimbag at pagpapalaganap ng mga akdang Marxista-Leninista-Maoista, paggawa ng mga likhang-sining, asembleya at pangkulturang pagtatanghal kaugnay nito.



Ngayong araw magsisimula ang isang taong paggunita sa sentenyal ng Rebolusyong Oktubre na nagdala sa Russia (sa kalaunan ay naging USSR o Union of Soviet Socialist Republics) sa rurok ng sosyalistang pag-unlad noong unang hati ng ika-20 siglo. Bagamat ganap na nawasak ang USSR noong 1991, ang Rebolusyong Oktubre ay nagsilbing inspirasyon sa iba pang matatagumpay na rebolusyon at patuloy na nagbibigay ng aral sa lahat ng rebolusyonaryong nagmimithi ng paglaya mula sa imperyalismo at pagtatatag ng sosyalismo sa kani-kanilang mga bayan.

Oktubre 25 (sa kalendaryong Julian na ginagamit noon ng Russia na ang katumbas ay Nobyembre 7 sa kalendaryong Gregorian na ginagamit sa ngayon), taong 1917, nang ideklara ng Partidong Bolshevik (sa kalaunan ay naging Partido Komunista) sa ilalim ni Vladimir Ilyich Ulyanov (Lenin) ang tagumpay ng rebolusyon. Ito ang resulta ng tatlong buwang paghahanda at dalawang araw ng armadong sagupaan.

**Paghahanda para sa rebolusyon**

Kumilos nang hayag ang Partidong Bolshevik matapos ibagsak ang tsar sa isang burges-demokratikong rebolusyon noong Pebrero 27, 1917. Nilikha ng Rebolusyong Pebrero ang dalawang magkahiwalay na sentro ng kapangyarihang pampulitika, isang pambansang probisyunal na gubyernong kontrolado ng burgesya sa ilalim ni Prime Minister Aleksandr Kerensky, at ang mga sobyet (mga lokal na komite ng mga manggagawa, sundalo at magsasaka), kung saan minorya ang pinamumunuan ng Partido. Bagamat mas kiling ang gubyernong Kerensky na ipagpatuloy ang mga patakaran ng tsar, hindi ipinanawagan ng Partido ang kagyat na pagpapabagsak nito. Bagkus ay dinala ang linya mapayapang pagsusulong ng rebolusyon sa pamamagitan ng paghikayat sa mayorya ng mga sobyet at ang mga ito ang magbabago sa komposisyon at patakaran ng gubyerno. Naglunsad ang Partido ng walang-sawang pagpupukaw at pag-oorganisa sa hanay ng mga sobyet, sa mga unyon at komite ng manggagawa, at sa mga hukbong katihan at pandagat sa larangan ng digma at sa likuran. Pagdating ng Hunyo, nabago na ang komposisyon ng marami sa mga sobyet pabor sa mga Bolshevik at nagdala na ng panawagan ng Partido.

Sa mga ipinagpatuloy nina Kerensky na mga dating patakaran, umani ng pinakamatinding galit ng mamamayan ang paglahok sa Unang Digmaang Pandaigdig. Mula Hunyo hanggang Hulyo, naganap sa Petrograd, sentrong industriyal ng Russia at sentro rin ng Partidong Bolshevik, ang malakihang mga rali ng daan-daan-libong organisado at ispontanyong manggagawa, sundalo at kababaihan laban sa gera at nanawagan ng paglipat ng kapangyarihan mula sa probisyunal na gubyerno tungo sa mga sobyet. Ang mga rali ay dinahas ng mga pwersa ng estado at marami ang namatay. Pagkatapos ay binalingan naman ang rebolusyonaryong kilusan, at naglabas ng mandamyento-de-aresto para kay Lenin at iba pang nasa pamunuan ng Partido, sa kasong pagtatraydor at pag-oorganisa diumano ng armadong pag-aalsa. Kaya napilitang muling kumilos nang lihim ang Partido. Sa kumperensya noong Hulyo-Agosto ay itinakda nitong tapos na ang panahon para sa mapayapang pagbabago, at kailangan na ng armadong pagkilos.

**Ang pag-agaw sa kapangyarihan**

Noong Oktubre 10, 1917 itinakda ng Komite Sentral ng Partido na hinog na ang kalagayan para sa pag-aalsa. Ibinatay ito sa (1) internasyunal na kalagayan kabilang ang paghina ng imperyalistang Germany na kinatatampukan ng pag-aalsa ng hukbong pandagat nito, banta ng pagtatapos ng pandaigdigang gera at pagtutok ng mga imperyalista para durugin ang Russia, at desisyon ng burgesya na isuko ang Petrograd sa mga German; (2) nagtataguyod na sa Partido ang mayorya

sa mga sobyet, kaakibat ng pag-aalsang magsasaka at pagbaling tungo sa Partido ng popular na tiwala; at (3) kapansin-pansing paghahanda para sa ikalawang atakeng militar ng maka-Kanan.

Nagtayo ang Partido ng Rebolusyonaryong Komiteng Militar sa Petrograd, habang nagtayo naman ang mga kontra-rebolusyonaryo ng Officers' League na umabot sa 43 *shock battalion* (pinakapiling mga yunit na pang-asolt) maliban pa sa mga espesyal na batalyon.

Noong Oktubre 18, may dalawang nagtaksil sa Partido na naglantad ng planong pag-aalsa kaya nagdagdag pa sina Kerensky ng mga tropa mula sa larangan ng digmaan tungo sa Petrograd at binalak na atakehin ang Smolny, punong himpilan ng mga Bolshevik, sa bisperas ng Ikalawang All-Russian Congress of Soviets.

Oktubre 21 ay ibinaba ng Rebolusyonaryong Komiteng Militar ang direktibang maghanda ang lahat ng rebolusyonaryong yunit sa hukbo, mga pabrika, planta at maging sa mga barko-de-gerang Aurora at Zarya Svobody para sa pag-aalsa kasabay ng pagbubukas ng ikalawang All-Russia Congress of Soviets.

Sa isang miting ng Petrograd Soviet, ipinagmayabang ni Leon Trotsky, isang kasapi ng Partido na mahigpit na tumutunggali sa mga patakarang Bolshevik, ang petsa ng planong pag-aalsa. Pinaaga ito ng Partido nang isang araw, ngunit sinimulan ni Kerensky ang atake madaling araw pa lang ng Oktubre 24 (Nobyembre 6) sa imprenta ng *Rabochy Put*, ang pahayagan ng Partido. Naipagtanggol ito ng milisya ng mga manggagawa, ang Red Guards. Alas-11 nang umaga ay nailathala ng *Rabochy Put* ang panawagan para sa pagbabagsak sa probisyunal na gubyerno. Hanggang gabi ay patuloy na dumating sa Smolny ang mga detatsment ng Red Guards at mga sundalong sumusuporta sa rebolusyon, at idineploy ang mga ito sa palibot ng Winter Palace, dating palasyo ng tsar, kung saan nakaentrensera sina Kerensky na ipinagtatanggol ng mga kadete at *shock battalion*.

Oktubre 25 (Nobyembre 7), nakontrol ng mga rebolusyonaryong tropa ang mga istasyon ng tren, *post office,* telegramahan, ang mga ministri at ang bangko ng estado. Kinanyon ng barko-de-gerang Aurora ang Winter Palace pagdating ng gabi, pagkatapos ay lumusob ang mga rebolusyonaryong manggagawa, sundalo at marino at inaresto ang probisyunal na gubyerno.

Naidaos ang Ikalawang All-Russian Congress of Soviets sa Smolny nang alas-10:45 ng gabi, kung saan mayorya ng mga nahalal ay Bolshevik. Ipinroklama ng kongreso na ang kapangyarihang pang-estado ay lumipat na sa mga sobyet. Napalaya mula sa imperyalismo ang ikaanim na bahagi ng daigdig.

# Kumperensya sa Rebolusyong Agraryo, inilunsad sa ST


Noong nakaraang taon, inilunsad sa isang larangan sa Southern Tagalog ang panlarangang kumperensya sa rebolusyong agraryo. Dinaluhan ito ng mahigit 100 magsasaka mula sa iba't ibang baryo at bayan. Bahagi ang kumperensya sa pagpapatatag ng mga organisasyong masa ng magsasaka at pangkalahatang pagpapalakas ng digmang bayan sa rehiyon.

Halos isang taon ding pinaghandaan ang kumperensya. Bago nito, binuo muna ang mga pananaliksik, isinagawa ang mga inisyal na pagpupulong at idinaos ang mga aktibidad para sa konsolidasyon at pagpapalawak. Marami sa mga dumalo ang ilang dekada nang kumikilos sa mga lokal na sangay ng Partido at mga balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM). Sabik silang dumalo sa kumperensya para makapagbahaginan ng karanasan at magbalangkas ng bagong plano.

Inilatag sa kumperensya ang pambansang kalagayan ng mga magsasaka, gayundin ang partikular na kalagayan nila sa prubinsya. Sinariwa ng mga delegado ang nakalipas na mga tagumpay ng rebolusyong agraryo sa kanilang lugar bago inilatag ang resulta ng mga pananaliksik.

Sa pangkalahatan, umiral sa naturang larangan ang partehang 60-40 pabor sa panginoong maylupa. Sa ilang bahagi, nasa 50-50 na ang partehan.

Pero sa ilalim ng naturang partehan, karga ng magsasaka ang gastos sa produksyon na kumakain



nang mahigit 17% ng kabuuang kita habang 5% lamang ang sinasagot ng panginoong maylupa. Kung kukwentahin, tinatayang nasa P19 lamang kada araw ang kinikita ng magsasaka. Sa kaayusang napakababa ng isinasabalikat ng panginoong maylupa sa gastos, partehang 70-30 pa rin ang kinalabasan.

Sa nagdaang ilang taon, pinalala pa ng sunud-sunod na bagyo ang kalagayan ng mga magsasaka. Dahil bagsak ang produksyon, dumami ang mga kaso ng pagsasanla ng lupa. Sinamantala ito ng mga panginoong maylupa at usurero. Sa ilang pagkakataon, umabot sa 350% ang tantos ng interes ng pautang. Sa mga kasong isinanla sa panginoong maylupa ang lupa, pumalo nang 85-15 ang partehan, kahit sa mga lugar kung saan kalakaran na ang 50-50. Sa gayong kaayusan, kahit ano'ng pagsisikap at pagtatrabaho ng mga magsasaka, hindi pa rin sila makabawi-bawi sa pagkakautang.



Sa kabilang banda, kinilala ng mga delegado na sa mga panahon ding ito nagkaroon ng pagpapabaya sa mga gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Dahil dito, hindi epektibong nalabanan ng kanilang mga samahan ang matinding pagsasamantala ng mga panginoong maylupa at hindi nasustine ang dati nang naipagtagumpay.

Sa harap ng pagtatasang ito, muling pinag-aralan ng mga magsasaka, katuwang ang mga Pulang mandirigma at namumunong kadre ng Partido sa larangan, ang mga batayang dokumento ng PKM, ang Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa at Patnubay sa Pagtatatag ng Demokratikong Gubyernong Bayan. Ang mga ito, kasabay ng unang mga pagsisiyasat, ang nagsilbing gabay sa pag-aayos at pagpapanibagong sigla ng kanilang mga organisasyon.

Kabilang sa mga naabot na resolusyon ng kumperensya ang pagtatayo ng PKM sa antas-munisipalidad kasabay ng mabilis at maramihang pagtatayo ng mga balangay nito sa mga baryong saklaw ng larangan. Para maisagawa ito, inihalal nila ang Pamalagiang Komite sa antas munisipalidad para magsilbing sentro ng mga pagsisikap.

Ayon pa sa isang delegado, "Matagal tayong nahirati sa pagrupo-grupo hanggang antas komiteng pag-oorganisa lamang sa baryo. Nitong nakalipas na taon ay pagbubuo ng mga ganap na samahang masa sa baryo ang pinakamaunlad. Isang malaking igpaw at proseso ng pagkatuto sa antas ng pamumuno at pangangasiwa sa rebolusyonaryong kilusang magsasaka ang resolusyong buuin ang mga balangay ng PKM sa antas munisipal, distrito at probinsya."

Siyam na iba pang resolusyon ang ipinasa sa kumperensya. Kabilang dito ang paglaban para sa partehang 75-25 pabor sa magsasaka mula sa kasalukuyang 60-40. Mayroon ding resolusyon sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapababa ng usura at interes sa pautang at pagpapataas ng presyo ng mga produkto ng mga magsasaka.

Bilang tugon sa panawagang palakasin ang armadong pakikibaka, ipinasa ng mga delegado ang resolusyong magtatalaga ng tatlo hanggang limang myembro ang bawat organisasyong masa sa Bagong Hukbong Bayan.

Pormal na nagtapos ang Kumperensya ng PKM sa pamamagitan ng talumpati ng mga pinuno nito. Nag-iwan ito ng hamon sa bawat delegado na linangin ang nasimulang pagsisikap na maitayo ang Pulang Kapangyarihan sa kanayunan sa pamamagitan ng pagtataguyod, pagpapapagana, at pagpapalakas ng organisasyon sa iba't ibang antas, pagsusulong ng rebolusyong agraryo, at pagpapaigting ng armadong pakikibaka. AB

### Panibagong desisyon sa *coco levy*, kinundena

MARIING KINUNDENA ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at Coco Levy Funds Ibalik sa Amin (CLAIM) ang pagbaliktad ng desisyon ng Korte Suprema noong taong 2000 na nag-uutos sa San Miguel Corporation (SMC) na ibalik ang P25.45 milyong sapi na bahagi ng bilyong pondo ng *coco levy* sa gubyerno, pati na ang kinita ng naturang mga sapi mula Marso 1986.

Ayon kay Antonio Flores, pangkalahatang kalihim ng KMP, tila walang kahihiyan ang Korte Suprema sa pagbabago ng desisyon nito. Alinsunod sa desisyon ng korte, hindi umano nabigyan ng pagkakataon ang SMC na "maglahad, magpaliwanag at patunayan" ang pag-angkin nito sa naturang mga sapi. Sa tabing ng "due process," ipinagkait ng Korte Suprema sa maliliit na magniniyog ang kanilang makatarungan at makatwirang pagbawi sa naturang pondo.

Giit ng grupo, ang saping hawak ng SMC ay mula sa Coconut Industry Investment Fund-Oil Mills Group (CIIF-OMG), kung kaya malinaw na galing ito sa mga magniniyog.

Hinimok naman ng CLAIM-Quezon ang administrasyong Duterte na ipasa na ang House Bill 557 ng Anakpawis Partylist na lilikha ng Genuine Small Coconut Farmers' Fund (GSCFF).

Ang GSCFF ay lilikha ng "konseho ng maliliit na magniniyog" upang protektahan ang mahigit P72 bilyong pondo ng *coco levy* na hawak ng gubyerno. Dito magkakaroon ng kontrol ang lehitimong may- ari sa kanilang pondo.

# Igiit ang kagyat na tugon ni Duterte sa mga daing ng bayan

Hindi maipagkakaila na sa harap ng mga pangakong pagbabago ng rehimeng Duterte, kulang na kulang pa ang mga hakbang nito para tugunan ang kagyat na mga kahilingan ng mamamayan para iahon sila sa hirap at pagdurusa.




Wala pa itong ginagawa para mapagpasyang tapusin ang sistema ng kontraktwalisasyon. Patuloy pa rin itong tumatangging itaas ang sahod ng mga manggagawa. Wala diumano itong badyet para itaas ang sweldo ng mga kawani, liban sa mga pulis at militar. Pinababayaan nito ang mga dayuhang kumpanya at malalaking kumprador na magtaas ng presyo ng kanilang mga produkto at singil sa serbisyo. Malala pa, pinahintulutan nito ang mga teknokrata sa gabinete na magpanukala ng kontra-mamamayang mga pakana sa anyo ng dagdag na buwis.

Walang ginagawa ang rehimeng Duterte sa harap ng tatlong ulit na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo mula lamang nitong Oktubre. Ito ay matapos ianunsyo ng OPEC (Organization of Oil-Exporting Countries) ang balak nitong moratoryum sa produksyon ng krudong langis upang pigilan ang pagsadsad ng presyo nito. Bagaman sa Nobyembre pa ipatutupad, ginagamit na itong sangkalan upang tuluy-tuloy nang itaas ang presyo ng gasolina, diesel, kerosene at LPG (*liquified petroleum gas*) sa bansa.

Pinakamalaki ang pagtaas ng diesel at gaas noong pangalawang linggo ng Oktubre (P1.50/litro at P0.85/litro). Ang LPG naman ay tumaas nang P3.41/kilo nitong Nobyembre. Sa taong ito lamang, umabot sa P7.63/litro ang netong pagtaas ng presyo ng diesel at P5.04/litro ng gasolina.

Ang pagtaas ng presyo ng langis ay lalupang bibigat kapag pinagtibay sa Kongreso ang panukala ng Department of Finance na patawan ng dagdag na buwis (*excise tax*) ang mga produktong petrolyo tulad ng diesel, LPG at gaas nang hanggang P6/litro. Ang dating *excise tax* sa iba pang produktong petrolyo tulad ng gasolina, *aviation fuel* at iba pa ay itataas mula P4.50 tungong P10/litro. Ito ay liban pa sa 12% *value-added tax* na nakapataw na sa naturang mga produkto.

Samantala, wala ring imik ang gubyernong Duterte sa pagtaas ng singil sa kuryente mula Hulyo nang P0.29/kwh o P200/buwan sa isang pamilyang kumokonsumo ng 200 kwh. Nakatakda itong muling tataas sa Nobyembre at Disyembre dulot diumano ng paghina ng piso at pagtaas ng presyo ng karbon. Isa sa may pinakamataas na singil sa kuryente ang Pilipinas sa buong Asia.

Wala pa ring ginagawang hakbangin ang rehimeng Duterte sa harap ng pagsirit ng presyo ng mga bilihin, laluna ng pagkain, nitong pangatlong kwarto ng taon dulot diumano ng sunud-sunod na bagyo. Umabot ng 2.4% ang tantos ng implasyon noong Setyembre, pinakamataas sa nakaraang 18 buwan. Tinatayang mas mataas pa ito sa Oktubre dahil sa pagtaas ng halos lahat ng di-pagkaing gastusin tulad ng upa sa bahay, singil sa kuryente at tubig, presyo ng panggatong at transportasyon.

Sa harap ng mga pahirap na ito, hindi sapat ang ginagawa ng rehimen na pamumudmod ng ayuda at tulong sa mga nasalanta ng bagyo at mga pamilyang itinuturing nitong "pinakamahihirap" para bigyan ng ginhawa ang mamamayan. Dapat kumawala si Duterte sa balangkas ng “pantawid-pamilya” at gumawa ng mas makabuluhang hakbang para tulungang iahon ang bayan sa paghihirap.

Kailangang totohanin ng rehimen ang pangako nitong itigil ang kontraktwalisasyon at higit dito, lumikha ng bago at regular na mga trabaho. Kailangang mapagpasya nitong harapin ang mga kapitalista at kampihan ang mga manggagawa para itaas ang sahod at sweldo.

Kailangan nitong harapin ang nagtataasang presyo ng mga produktong petrolyo sa pamamagitan ng pagtatakda ng sentralisado at estado-sa-estadong pagbili ng langis mula sa mga bansang tulad ng Brunei, Indonesia o kahit Iran at Venezuela .

Kailangang ipatupad nito ang mahihigpit na hakbangin para kontrolin ang presyo at pigilan ang pang-aabuso ng mga kapitalista at komersyante sa panahon ng kasalatan. Higit dito, kailangan nitong ipwesto ang patakaran sa agrikultura na magtitiyak ng sapat na suplay ng pagkain, subsidyo sa mga batayang produktong agrikultural at suporta sa mga magsasaka sa panahon ng mga sakuna.

Papalala ang kalagayan ng mamamayan. Sa isang pambansang sarbey na isinagawa ng Ibon Foundation noong Setyembre, pito sa bawat sampung Pilipino ang nagsabing naghihirap sila. Mahigit kalahati sa mga sinarbey ang nagsabing may pagkakataong nahirapan silang bumili ng pagkain dahil sa kawalan ng pondo. Nasa 40% ang nagsabing nahirapan silang magpa-aral at halos 50% ang nagsabing wala silang panggastos medikal.

Pinabulaanan ng sarbey na ito ang naunang ipinamaraling pagbaba ng bilang ng mga naghihirap sa pangalawang kwarto ng taon. Ayon mismo sa mga ahensya ng estado, ang gayong pagbaba ay artipisyal, panandalian at dulot lamang ng pagbaha ng pondo sa nagdaang eleksyon. Kung walang kagyat na gagawin ang rehimen, tiyak na magpapatuloy ang paglala ng kanilang sitwasyong pangkabuhayan. AB